Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 25 NOBYEMBRE 1996, IKA- [redacted] 9:00 NG UMAGA SA VICTORIA, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

- -

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	-	Presiding Officer
Kagawad Cesar T. Baticos	-	Member
Kagawad Ferdinand V. Talens	-	Member
Kagawad Angeles D. Bautista	-	Member
Kagawad Ramil O. Dimapilis	-	Member
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	-	Member
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	-	Member
Kagawad Honesto O. Taytay	-	Member
Kagawad Eduardo G. Villamin	-	Member, ABC President
Kagawad Randy P. Valencia	-	Member, SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ramulfo C. Bernal	-	Member

- -

KAPASYAHAN BLG. 128
Taong 1996

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAOSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA AT MGA NAULILA NG MINSAN AY NAGING PANGALAWANG PUNONG BAYAN AT OPISYAL NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, KGG. DIOSCOREDES T. ESTRADA.

SAPAGKA'T ang pagpanaw ng isang taong labis na pinagpipitaganan at minamahal sa anumang panahon ng kanyang buhay ay malabis na dinaramdam at ipinamimighati ng kanyang mga naiwan;

SAPAGKA'T ang pumanaw na Kgg. Dioscoredes T. Estrada ay maituturing na isang haligi ng bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na ang malaking bahagi ng buhay at panahon ay ginugol sa pampublikong paglilingkod, bilang Pangalawang Punong Bayan ng bayang ito at bilang Pambayang Tagapag-ugnay sa Pagpapaunlad (Municipal Development Coordinator);

SAPAGKA'T bilang lingkod-bayan, ginawa niya at ibinuhos ang kakayahan upang umunlad sa maraming kaparaanan ang ating bayan ng Roxas at gayundin, ibinigay niya nang buong katapatan ang sarili sa paglilingkod sa mga mamamayan;

SAPAGKA'T bilang isa ring kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, siya ay nagsilbing ama at kapatid kung saan ang kanyang mga payo at pagtulong sa maraming pagkakataon ay lubos na pinasasalamatan;

SAPAGKA'T siya'y naging isang ulirang ama sa kanyang pamilya kung saan ang mga mabubuting bagay na kanyang inihasik ay nagsisilbing gabay at tanglaw sa kanilang pamumuhay;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng bayang ito, ang mga nasasakupan at mga kawani ay lubos na nagpapahayag ng pagkilala at pagpapasalamat sa lahat ng mga kabutihan at paglilingkod ni

Kgg. Dioscoredes T. Estrada at sa ganito ay lubusang nagpapaabot ng tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang mga naulila.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ferdinand V. Talens na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa pamilya at mga naulila ng minsan ay naging Pangalawang Punong Bayan at opisyal ng pamahalaang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, Kgg. Dioscoredes T. Estrada.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa maybahay, mga anak at mga kaanak ng namayapang Kgg. Dioscoredes T. Estrada, lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay: 25 Nobyembre 1996

- -

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

GELACIO I. MASON
Punong Bayan

mbv/